| MATATAG<br>K to 10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 3 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | FILIPINO |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | SEPTEMBER 8 - 12, 2025 (WEEK 3) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagbigkas at pag-aaral ng mga tunog at salita tungo sa papaunlad na kasanayang panggramatika, pag-unawa at pagsusuri ng tekstong naratibo at impormatibo na magiging daan sa pagbuo ng mga tambalang pangungusap at teksto tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa pagbigkas ng mga salita, pagbasa ng mga pangungusap nang may kawastuhan, katatasan at tamang ekspresyon tungkol sa sarili at bansa na ginagamit sa pang-araw-araw na paksa at sitwasyon. Nagiging daan din ito sa pagbuo ng tekstong naratibo at impormatibo sa pagpapahayag ng ideya at karanasan gamit ang mga natutuhan sa gramatika. | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nagagamit ang mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA)<br><br>Nauunawaan ang pinakinggan o binasang tekstong naratibo (kuwentong pambata, kuwentong-bayan, pabula, **alamat**, at parabula mula sa Banal na Aklat)<br>a. Naibibigay ang elemento ng teksto<br>b. Natutukoy ang damdamin ng tauhan sa mga pangyayari<br>c. Nakikilala ang katangian ng tauhan<br>d. Naibibigay ang suliranin at solusyon | Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at bansa<br><br>Natutukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto<br>e. salitang pangkayarian<br>● pangatnig<br><br>Natutukoy ang sugnay na nakapag-iisa sa tambalang pangungusap<br><br>Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita | Nagagamit ang mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA)<br><br>Nauunawaan ang pinakinggan o binasang tekstong naratibo (kuwentong pambata, kuwentong-bayan, pabula, **alamat**, at parabula mula sa Banal na Aklat)<br>a. Naibibigay ang elemento ng teksto<br>b. Natutukoy ang damdamin ng tauhan sa mga pangyayari<br>c. Nakikilala ang katangian ng tauhan<br>d. Naibibigay ang suliranin at solusyon | Nagagamit ang mga salita na high frequency tungkol sa<br>a. sarili at bansa<br><br>Natutukoy ang salitang- ugat ng mga natutuhang salita na high frequency o madalas gamitin<br><br>Nababasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Naisusulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita<br><br>Nakabubuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | e. Naisasaayos ang pagkasusunod-sunod ng limang pangyayari<br>**f. Naibibigay ang sanhi at bunga**<br><br>Nagagamit ang mga salita na high frequency at **mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA)** sa pagbuo ng maikling talata<br><br>Nakabubuo ng maikling talata sa pagpapahayag ng reaksiyon sa mga suliranin sa teksto<br><br>Nababasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | Nakabubuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa:<br>a. sarili at bansa | e. Naisasaayos ang pagkasusunod-sunod ng limang pangyayari<br>f. Naibibigay ang sanhi at bunga<br>**i. Naiuugnay ang sariling karanasan sa kuwento**<br><br>Nagagamit ang mga salita na high frequency at **mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA)** sa pagbuo ng maikling talata<br><br>Nakabubuo ng maikling talata sa pagpapahayag ng reaksiyon sa mga suliranin sa teksto<br><br>Nababasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | na naglalarawan ng karanasan tungkol sa:<br>a. sarili at bansa |
| *D. Mga Layunin* | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. Magamit ang mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA)<br>2. Maunawaan ang pinakinggan o binasang tekstong naratibo (alamat)- | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. Magamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at bansa<br>2. Matukoy ang kahulugan ng mga salita ayon sa konteksto-salitang pangkayarian (pangatnig) | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. Magamit ang mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA)<br>2. Maunawaan ang pinakinggan o binasang tekstong naratibo (alamat)- | Pagkatapos ng aralin, ang mga mag-aaral ay inaasahang:<br>1. Magamit ang mga salita na high frequency tungkol sa sarili at bansa<br>2. Matukoy ang salitang-ugat ng mga natutuhang salita na high frequency o madalas gamitin |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Maibibigay ang sanhi at bunga**<br>3. Magamit ang mga salita na high frequency at **mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA)** sa pagbuo ng maikling talata<br>4. Makabuo ng maikling talata sa pagpapahayag ng reaksiyon sa mga suliranin sa teksto<br>5. Mabasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | 3. Matukoy ang sugnay na nakapag-iisa sa tambalang pangungusap<br>4. Mabasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br>5. Maisulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita<br>6. Makabuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa sarili at bansa | **maiugnay ang sariling karanasan sa kuwento**<br>3. Magamit ang mga salita na high frequency at **mga salitang may tiyak na tuong pangnilalaman (GMRC at MAKABANSA)** sa pagbuo ng maikling talata<br>4. Makabuo ng maikling talata sa pagpapahayag ng reaksiyon sa mga suliranin sa teksto<br>5. Mabasa nang may tatas (may damdamin at tamang bilis) ang mga pangungusap | 3. Mabasa nang wasto ang mga natutuhang salita<br>4. Maisulat nang maayos at wasto ang mga natutuhang salita<br>5. Makabuo ng maikling talata gamit ang tambalang pangungusap na naglalarawan ng karanasan tungkol sa sarili at bansa |
| *E. Integrasyon* | GMRC at MAKABANSA- pangangalaga at paggalang sa kalikasan | GMRC at MAKABANSA- pangangalaga at paggalang sa kalikasan | GMRC at MAKABANSA- pangangalaga at paggalang sa kalikasan | GMRC at MAKABANSA- pangangalaga at paggalang sa kalikasan |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | • Ang Alamat ng Ulan<br>https://akingmaiklingkwento.com/mga-alamat/alamat-ng-ulan/<br>• Kung ang ulan ay puro tsokolate https://www.youtu | • Ang Alamat ng Ulan<br>https://akingmaiklingkwento.com/mga-alamat/alamat-ng-ulan/<br>• Batang Bibo Kalikasan<br>Ipakita ang awiting ang 'Batang Bibo Kalikasan', | • Ang Alamat ng Ulan<br>https://akingmaiklingkwento.com/mga-alamat/alamat-ng-ulan/<br>• Batang Bibo Kalikasan<br>Ipakita ang awiting ang 'Batang Bibo Kalikasan', | • Ang Alamat ng Ulan<br>https://akingmaiklingkwento.com/mga-alamat/alamat-ng-ulan/<br>• Kung ang ulan ay puro tsokolate https://www.youtu |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | be.com/watch?v=iT<br>Ro1LTuKDQ | https://www.youtube.com<br>/watch?v=yEd-VPfjahQ | https://www.youtube.com<br>/watch?v=yEd-VPfjahQ | be.com/watch?v=iT<br>Ro1LTuKDQ |
| *B. Iba pang Kagamitan* | laptop at speakers, tsart, panulat, papel, worksheet | LAS, laptop at speakers, tsart, panulat, papel, worksheet | pangkulay, lapis, cartolina, laptop at speakers, tsart, panulat, papel, worksheet | laptop at speakers, tsart, panulat, papel, worksheet |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | **Kung ang ulan ay puro tsokolate**<br>Awitin ang 'Kung ang Ulan ay Puro Tsokolate'.<br>https://www.youtube.com<br>/watch?v=iTRo1LTuKDQ | **Batang Bibo Kalikasan** Ipakita ang awit na ang 'Batang Bibo Kalikasan',<br>https://www.youtube.com<br>/watch?v=yEd-VPfjahQ | **Batang Bibo Kalikasan**<br>Muling awitin ang 'Kung ang 'Batang Bibo Kalikasan',<br>https://www.youtube.com<br>/watch?v=yEd-VPfjahQ | **Kung ang ulan ay puro tsokolate**<br>Muling awitin ang 'Kung ang Ulan ay Puro Tsokolate'.<br>https://www.youtube.com<br>/watch?v=iTRo1LTuKDQ |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | *Ngayong araw, magbabasa tayo ng alamat, at tutukuyin ang sanhi at bunga ng mga pangyayari dito. Tayo rin ay magbabasa nang may tatas, at bubuo ng maikling talata tungkol sa ating binasa.* | *Ngayong araw, magbabasa tayo ng alamat, magsusulat ng maigsing talata, at tutukuyin ang sugnay na nakapag-iisa sa tambalang pangungusap.* | *Ngayong araw, magbabasa tayo ng alamat, at iuugnay ito sa ating sariling karanasan. Tayo rin ay magbabasa nang may tatas, at bubuo ng maikling talata tungkol sa ating binasa.* | *Ngayong araw, magbabasa tayo ng alamat, magsusulat ng maigsing talata, at tutukuyin ang salitang- ugat.* |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | **Mga bagong salita** Ipaliwanag ang kahulugan ng mga hindi pamilyar na salita sa kuwento babasahin gamit ang larawan at konteksto o context clues. Pagkatapos ay itanong ang motivation question at motive question.<br><br><u>Paghawan ng mga balakid</u> | **Ang aking magagawa para sa kalikasan**<br>Pag-usapan ang awitin ang 'Batang Bibo Kalikasan'.<br>Itanong sa klase kung ano-ano ang mga nabanggit sa awit na mga paraan na magagawa ng isang batang gaya nila para mapangalagaan ang kalikasan. Ilista ang kanilang mga sagot. | **Lights, Camera, Action!**<br>Itanong sa mga bata kung alin sa mga paraan sa pangangalaga sa kalikasan na napag- usapan noong Day 2 ang nagawa o ginagawa na nila.<br>Tumawag ng ilang bata upang ibahagi ang kanilang sagot sa LAS.<br><br>Kaya Kong Subukin! | **Ang aming poster** Papuntahin sa harapan ang bawat pangkat upang ipaliwanag ang kanilang ginawang poster noong Day 3 tungkol sa pangangalaga at paggalang sa kalikasan .<br>Pagkatapos ay maaari nilang ipaskil ang mga ito sa paaralan upang makita ng iba pang mag-aaral. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Nagbakasyon ang pamilya ni Nena kaya isang linggo silang wala sa bahay.*<br>*Malayo ang kanilang biyahe, pero buti na lamang kahit matagal sila sa sasakyan at delikado ang daan ay* ***matiwasay*** *silang nakauwi.*<br>*Ano kaya ang ibig sabihin ng matiwasay?*<br>*a. magulo*<br>*b. payapa*<br><br>*Tama, ang ibig sabihin ng matiwasay ay payapa.*<br><br>*Pumunta sa hardin para tingnan ang mga tanim niyang halaman. Naku! Halos malanta na ang mga halaman dahil matagal na hindi nadiligan.*<br>***Nagkabitak-bitak*** *na ang lupa sa mga paso* (magpakita ng larawan ng lupang bitak-bitak).<br><br>(Note to illustrator: Layan ng larawan ng lupang bitak-bitak) | 1. Huwag gumamit single-use plastic.<br>2. Huwag magtapon ng basura sa mga estero at kanal.<br>3. Magtanim ng puno at halaman.<br>4. Gumamit ng baso *o reusable container* sa inumin.<br>*5.* Magdala ng *eco bag* kapag namimili.<br>Magdagdag sa listahan kung may iba pang naisip ang mga bata na hindi nabanggit sa awit. Ang iba pang posibleng sagot ay ang mga sumusunod:<br>● Isaradong ang gripo kapag hindi ginagamit ang tubig.<br>● Tanggalin ang saksak ng mga kasangkapan pag hindi ginagamit.<br>● Mag-recycle at upcycle ng gamit.<br>● Pulutin ang makikitang kalat.<br>● Piliing kumain ng prutas at gulay. | Pagkatapos, hatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Mula sa kanilang mga sagot, bawat pangkat ay kailangang umisip ng<br>2-3 paraan sa pangangalaga sa kalikasan na kanila nang nasubukan. Ipakikita nila ang mga ito sa klase sa pamamagitan ng pagsasadula. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Ano kaya ang ibig sabihin ng nagkabitak-bitak?*<br>*a. nagkabuo-buo*<br>*b. nagkabiyak-biyak*<br><br>*Mgaling! Ang kasingkahulugan ng nagkabitak-bitak ay nagkabiyak-biyak.*<br><br>*Agad kumuha si Nena ng tubig para basain ang* ***tigang*** *na lupa. "Sana ay hindi tuluyang malanta ang mga halaman," sabi niya.*<br>*Ano kaya ang ibig sabihin ng tigang?*<br>*a. tuyong tuyo*<br>*b. basang basa*<br><br>*Mahusay! Ang kahulugan ng tigang ay tuyong tuyo. Tigang ang lupa kapag hindi nadidiligan o kapag matagal na hindi umuulan.*<br><br>Maaaring tumawag ng ilang bata upang gamitin ang matiwasay, nagkabitak-bitak, tigang sa sariling pangungusap.<br><br><u>Motivation question</u><br>*Ano-anong ginagawa ninyo kapag hindi umuulan?*<br><br><u>Motive question</u> | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Sa ating kuwento, ano kayang gagawin ng mga tao noong hindi umulan?* | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa/ Pag-unawa sa Mahahalagang Ideya* | **Read Aloud**<br>Basahin sa klase ang kuwentong 'Ang Alamat ng Ulan'.<br><br><u>Ang Alamat ng Ulan</u> Noong unang panahon, sa isang malayong bayan, ang mga tao ay naninirahan nang masagana at matiwasay. Sila ay mayroong matabang lupa, maraming puno, at mayamang mga tanim na nagbibigay sa kanila ng pagkain. Ang kanilang mga kabuhayan ay umaasa sa inang kalikasan.<br><br>Isang araw, biglang nagbago ang panahon. Tumigil ang pag-ulan, at ang kanilang mga pananim ay nagsimulang matuyo. Ang mga bukid na dati'y luntian ay naging tigang at nagkabitak- bitak. Dahil dito, nagdasal ang mga tao sa mga anito upang humingi ng ulan.<br><br>Sa isang bundok malapit sa kanilang bayan, | **Choral Reading**<br>Muling ipabasa ang ilan sa mga salitang matatagpuan sa kuwentong 'Ang Alamat ng Ulan'. Ipaliwanag ang kahulugan ng mga hindi pamilyar na salita kung kinakailangan.<br><br>kalikasan<br>alagaan<br>igalang<br>respeto biyaya<br>tigang<br>nagkabitak-bitak matiwasay<br><br>Sunod, bigyan ng kopya ng 'Ang Alamat ng Ulan' ang bawat bata. Atasan silang basahin ang kuwento kasabay ng guro. Pagkatapos, hatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Bawat pangkat ay magbabasa ng isang talata mula sa kuwento. | **Pair Reading**<br>Bigyan ng kopya ng 'Ang Alamat ng Ulan' ang bawat bata. Atasan silang basahin ang kuwento kasabay ang kapares. Maaaring pagsamahin ang batang mabilis nang magbasa at ang nagsisimula pa lamang magbasa. Ipaalala sa kanila na magbasa nang may damdamin at tamang bilis. | **Individual Reading at Guided Reading**<br>Bigyan ang bawat bata ng kopya ng 'Ang Alamat ng Ulan'.<br><br><u>Differentiation</u><br>● Pangkat ulan (mga batang matatas magbasa)- Atasan silang basahin ang kuwento nang mag- isa. Ipaalala sa kanilang gawin ang mga sumusunod kapag nahirapan silang basahin ang isang salita:<br>○ ituro ang salita mula kaliwa papuntang kanan at isipin ang tunog ng bawat titik<br>○ hatiin ang salita sa maliliit na bahagi<br>○ basahing muli ang salita |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | naninirahan ang isang diyosa na nagngangalang Alitaptap. Siya ang diyosa ng ulan, at may kapangyarihang magpaulan ng masaganang tubig upang mabasa ang mga tuyong lupa. Nakita ni Alitaptap ang paghihirap ng mga tao, kaya't naawa siya sa kanila.<br><br>Lumapit ang diyosa sa mga tao at sinabi, Bibigyan ko kayo ng ulan, ngunit may kondisyon. Kailangan ninyong igalang at alagaan ang inang kalikasan. Huwag ninyong kalbuhin ang mga bundok, huwag ninyong sirain ang mga kagubatan, at panatilihin ninyong malinis ang inyong mga ilog.<br><br>Sumang-ayon ang mga tao sa sinabi ni Alitaptap. Ipinangako nilang iingatan ang kalikasan at mamumuhay nang may respeto sa mga biyayang ibinibigay ng kanilang paligid. Nang makita ni Alitaptap ang kanilang sinseridad, ipinikit niya<br>ang kanyang mga mata at | | | • Pangkat puno (mga batang nag- uumpisa pa lamang matutong magbasa)- Paupuin sila malapit sa guro upang magabayan sa pagbabasa.<br>Bigyan sila ng feedback at purihin sa pagsisikap na matuto. |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | nagsimulang sumayaw. Habang sumasayaw, nagpakawala siya ng mga alitaptap mula sa kanyang katawan, na naging ulap sa kalangitan.<br><br>Maya-maya pa, bumuhos ang ulan. Tumulo ito mula sa langit, binasa ang mga tigang na lupa, at muling nabuhay ang mga halaman. Nagsimula na muling sumigla ang bayan. Mula noon, tuwing kakailanganin ng mga tao ang ulan, binabalikan nila ang pangako nilang igalang at alagaan ang kalikasan. | | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | **Pag-usapan ang kuwento**<br>Itanong ang mga sumusunod:<br>Saan ang tagpuan ng kuwento? (Ang tagpuan ng kuwento ay sa isang malayong bayan.)<br>Paano ang pamumuhay ng mga tao sa bayan? (Matiwasay ang kanilang pamumuhay. Marami silang tanim na pagkain at | **Tambalang pangungusap at pangatnig**<br>Magbalik-aral tungkol sa tambalang pangungusap na pinag-usapan noong Week 2.<br><br>Sabihin:<br>*Ang mga tambalang pangungusap ay nagpapahayag ng dalawang ideya.*<br>*Ang mga pangatnig ay mga salitang ginagamit upang pag-ugnayin o dugtungin ang mga ideya sa isang tambalang pangungusap.* | **Paggawa ng poster**<br>Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Bawat pangkat ay gumawa ng poster na nagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga puwedeng gawin ng mga bata pala alagaan at igalang ang kalikasan. | **Salitang-ugat**<br>Magbalik-aral tungkol sa salitang-ugat na pinag-usapan noong Q1. Pagkatapos, tukuyin ang salitang-ugat ng ilan sa mga salita mula sa 'Ang Alamat ng Ulan'.<br><br>Sabihin:<br>*Naalaal ba ninyo ang ating aralin noong Q1 tungkol sa salitang-ugat? Ang salitang-ugat ay ang pinakasimpleng anyo ng isang salita na hindi pa nababago o napapalitan ng mga panlapi.* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | umaasa sila sa kalikasan.) Anong pagbabago ang nangyari sa bayan? (Biglang tumigil ang pag- ulan.)<br>Ano ang naging bunga ng hindi pag- ulan? (Naging tigang at nagkabitak-bitak ang lupa sa bukid.) Anong ginawa ng mga tao tungkol para masolusyunan ang hindi pag-ulan? (Nagdasal sila sa mga anito upang humingi ng ulan.) Sino ang nakakita sa paghihirap ng mga tao? (Nakita sila ng diyosa ng ulan na si Alitaptap.)<br>Ano ang ginawa ni Alitaptap para tulungan ang mga tao? (Sinabi niyang bibigyan niya sila ng ulan sa kundisyong igagalang at aalagaan sila ang kalikasan.)<br>Anong reaksyon ng mga tao sa sinabi ni | *Ang halimbawa ng pangatnig na ginagamit para na pagsamahin ang dalawang pangungusap ay 'at', 'o', at 'ngunit'.*<br><br>*Ngayong araw, may mga bagong pangatnig tayong pag-uusapan. Basahin ang mga pangatnig sa pisara.*<br>sapagkat<br>dahil kasi<br>*Ang mga pangatnig na ito ay nagpapakilala ng sanhi o dahilan.*<br>*Tingnan ang halimbawa.*<br><br>*Ang unang pangungusap ay 'Muling umulan sa bayan'. Ang pangalawang pangungusap ay 'Naging ulap ang mga alitaptap mula sa diwata'.*<br>*Ang pangyayari sa pangalawang pangungusap ang sanhi o dahilan ng pangyayari sa unang pangungusap. Para pag-ugnayin ang dalawang pangungusap, ginamit ang pangatnig na 'dahil'.* | | *Halimbawa:*<br>galang<br>alaga gawa<br>likas<br>*Mula sa salitang-ugat, maaari tayong bumuo ng iba't ibang anyo ng salita sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga panlapi.*<br><br>*Halimbawa:*<br>igalang<br>alagaan<br>ginawa<br>kalikasan<br><br>*Isa isahin natin ang mga salitang binasa.*<br>*Ang salitang 'igalang' ay mula sa salitang-ugat na 'galang' na nilagyan ng panlapi na 'i' sa unahan.*<br>i + galang<br>igalang<br><br>*Ang salitang 'alagaan' ay mula sa salitang-ugat na 'alaga' na nilagyan ng panlapi na 'an' sa huli.*<br>alaga + an |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Alitaptap? (Nangako silang aalagaan ang kalikasan.)<br>Anong sunod na ginawa ni Alitaptap? (Sumayaw siya at nagpakawala ng mga alitaptap na naging ulap sa kalangitan.)<br>Anong naging bunga ng ginawa ni Alitaptap? (Bumuhos ang ulan at muling tumubo ang mga halaman.) Ano kayang naramdaman ng mga tao nang umulang muli? (Masaya sila dahil magkakaroon na sila ulit ng kabuhayan at pagkain.)<br>Anong ginawa ng mga tao bilang magmula noon? (Tuwing kakailanganin nila ang ulan ay binabalikan nila ang pangakong igalang at alagaan ang kalikasan.)<br>Sa tunay na buhay, ano-ano kaya ang | Muling umulan sa bayan dahil naging ulap ang mga alitaptap mula sa diwata.<br><br>Magpakita ng iba pang halimbawa.<br>1. Magtatanim ako ng puno sapagkat gusto kong makatulong sa pag- aalaga sa kalikasan.<br>2. Iiwasan ko ang paggamit ng *single- use plastic* kasi nagdudulot ito ng polusyon sa karagatan. | | alagaan<br><br>*Ang salitang 'ginawa' ay mula sa salitang-ugat na 'gawa' na nilagyan ng panlapi na 'in' sa gitna*<br>gawa + in ginawa<br><br>*Ang salitang 'kalikasan' ay mula sa salitang-ugat na 'likas' na nilagyan ng panlapi na 'ka' sa unahan at 'an' sa huli.*<br>ka + likas + an<br>kalikasan<br><br>Ipakita ang ilan pang salita mula sa kuwento at itanong sa klase kung ano ang salitang-ugat ng bawat isa.<br>umulan<br>matiwasay<br>matuyo |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | magiging bunga kapag hindi aalagaan at irerespeto ng mga tao ang kalikasan?<br>(Mamamatay at magkakasakit ang mga hayop. Lalala ang mga kalamidad gaya ng malalakas na bagyo at tagtuyot.<br>Mawawalan ng makaakin at ikabubuhay ang<br>mga tao.) | | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Ideya* | **Sanhi at bunga**<br>Ipabasa ang ilan sa mga high-frequency word.<br>sanhi<br>bunga<br>kalikasan<br>alagaan<br>igalang<br>respeto<br>biyaya<br>tigang<br>nagkabitak-bitak matiwasay<br><br>Magbalik-aral tungkol sa sanhi at bunga.<br><br>Sabihin: | **Gawain kasama ang kapares**<br>Balikan ang talakayan tungkol sa magagawa ng isang batang gaya nila para mapangalagaan ang kalikasan. Atasan ang mga bata na umisip ng tambalang pangungusap tungkol sa paksang ito. Ang pangatnig na gagamitin ay 'sapagkat', 'kasi' ay 'dahil'. Kailangan nilang makipag-usap sa kanilang kapares upang makapagtulungan sa pagbuo ng tambalang pangungusap. | **Muling suriin**<br>Ibalik sa mga bata ang isinulat nilang talata noong Day 1. Atasan silang tingnan itong muli. Hikayatin silang dagdagan o baguhin ang ilang bahagi ng isinulat kung kinakailan upang mas mapaganda ang kanilang komposisyon.<br><br>Ano-ano ang mga magiging bunga kapag hindi aalagaan at igagalang ng mga tao ang kalikasan?<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________<br>____________________ | **Para sa kalikasan**<br>Ibalik sa mga bata ang isinulat nilang talata noong Day 2. Atasan silang tingnan itong muli. Hikayatin silang dagdagan o baguhin ang ilang bahagi ng isinulat kung kinakailan upang mas mapaganda ang kanilang komposisyon.<br><br>Para sa Kalikasan<br><br>Ang gagawin ko para alagaan ang kalikasan ay ________________.<br>Susubukin ko ring __________________.<br>_______________sapagkat |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Natutuhan natin noong Q1 na ang* <u>*sanhi*</u> *ay ang dahilan kung bakit naganap ang pangyayari. Ito ang unang nangyari.*<br><br>*Ang* <u>*bunga*</u> *naman ay ang epekto o resulta ng pangyayari.*<br><br>*Mas madaling mauunawaan ang ating binabasa kapag nakikita natin ang kaugnayan ng naging dahilan at kinalabasan ng mga pangyayari sa kuwento.*<br><br>*Tingnan ang mga pangungusap. Alin kaya ang sanhi? Alin kaya ang bunga?*<br><br>Nangako ang mga tao na aalagaan at igagalang nila ang kalikasan.<br><br>Sinabi ni Alitaptap na pauulanin niya sa bayan kung aalagaan at igagalang ng mga tao ang kalikasan.<br><br>*Ano ang unang nangyari? Nauna ang 'Sinabi ni Alitaptap na pauulanin niya sa bayan kung aalagaan at igagalang ng mga tao ang kalikasan.' Ito ang sanhi.* | | Ipakita ang mga gabay na tanong para matulungan ang mga bata sa pagrerebisa ng kanilang komposisyon.<br>● Gumamit ba ako ng 3-5 pangungusap?<br>● Madali bang maunawaan ang talata?<br>● Tama ba ang mga salitang ginamit ko?<br>● Nagsisimula ba sa malaking titik ang bawat pangungusap?<br>● Nagtatapos ba sa wastong bantas ang bawat pangungusap? | ______________________.<br><br>Ipakita ang mga gabay na tanong para matulungan ang mga bata sa pagrerebisa ng kanilang komposisyon.<br>● Gumamit ba ako ng 3-5 pangungusap?<br>● Madali bang maunawaan ang talata?<br>● Tama ba ang mga salitang ginamit ko?<br>● Nagsisimula ba sa malaking titik ang bawat pangungusap?<br>● Nagtatapos ba sa wastong bantas ang bawat pangungusap? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | *Ano ang resulta ng sinabi ni Alitaptap sa nga tao? Ang resulta ay ‘Nangako ang mga tao na aalagaan at igagalang nila ang kalikasan.’ Ito ang bunga.*<br><br><br>Hatiin ang klase sa maliliit na pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng tsart.<br>Atasan silang isulat ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa kuwento.<br><br> | | | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | *Tandaan na ang kalikasan ay nagbibigay sa atin ng biyaya, kaya dapat natin itong igalang at alagaan.* | *Ginagamit ang pangatnig upang pag-ugnayin ang mga ideya sa isang tambalang pangungusap. Ang mga pangatnig na _____, _______at ________ ay nagpapakilala ng sanhi o dahilan.* | *Ang mga bata ay may magagawa para maalagaan at maingatan ang kalikasan. Ang ilan sa mga halimbawa nito ay*<br>*1.*<br>*2.*<br>*3.* | *Ang salitang-ugat ay ang pinakasimpleng anyo ng isang salita na hindi pa nababago o napapalitan ng mga panlapi. Mula sa salitang-ugat, maaari tayong bumuo ng iba’t ibang anyo ng salita sa pamamagitan ng*<br>*pagdaragdag ng mga* |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | *panlapi sa unahan, gitna o hulihan ng salita.* |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | **Ang aking talata**<br>Pasulatin ng talata ang mga bata tungkol sa mga bunga ng hindi pangangalaga at paggalang sa kalikasan.<br><br>Sabihin:<br>*Sa ating talakayan kanina, inyong ibinahagi kung ano- ano ang maaaring maging bunga kung hindi aalagaan at igagalang ng mga tao ang kalikasan.*<br>*Ngayon, iguguhit ninyo ang inyong sagot sa papel at sumulat ng talata na may 3-5 pangungusap.*<br>*Gamitin ang ilan sa mga salitang natutuhan ngayong araw.*<br><br>Ano-ano ang mga magiging bunga kapag hindi aalagaan at igagalang ng mga tao ang kalikasan?<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________<br>______________________ | **Sumulat ng tayo**<br>Sabihin sa bawat bata na isulat sa papel ang tambalang pangungusap na kanilang nabuo sa naunang gawain sa tulong ng kanilang kapares. Padagdagan ang kanilang komposisyon ng 2-3 pang mga pangungusap na may kaugnayan sa naunang isinulat upang makabuo ng talata.<br><br>Ang mga batang nagsisimula pa lamang magsulat ng talata ay maaaring bigyan ng gabay.<br><br>Halimbawa ng gabay:<br>Para sa Kalikasan<br><br>Ang gagawin ko para alagaan ang kalikasan ay ________________.<br>Susubukin ko ring ____________________.<br>______________sapagkat<br>_____________________. | **Pagnilayan**<br>Itanong sa klase ang mga sumusunod:<br>1. Alin sa ating mga pinag-aralan ngayong araw ang pinaka nagustuhan mo?<br>2. Alin sa ating mga pinag-aralan ngayong araw ang pinaka mahirap para sa iyo?<br>3. Ano ang gagawin mo sa mga susunod na araw para makatulong sa paghasa ng iyong kakayahan sa pagbabasa at pagsusulat? | **Sagutan natin**<br>Bigyan ng worksheet ang bawat bata tungkol sa pagtukoy ng salitang-ugat.<br><br>Isulat sa patlang ang salitang-ugat ng bawat salitang maylapi.<br><br>1. nagdasal __________<br>2. sumayaw __________<br>3. kabuhayan __________<br>4. nagkabitak-bitak ______<br>5. malinis __________ |

<table>
<tr>
<td>Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)</td>
<td>Si Malaks at si Maganda<br>Balikan ang kuwento noong Week 2 na ‘Si Malakas at si Maganda’. Ilagay ang sanhi o bunga<br>sa mga pangyayari na nakasulat sa workshet.
<table>
<tr><th>Sanhi</th><th>Bunga</th></tr>
<tr><td>1. Tinuka ng ibon ang kawayan.</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>2. Hinangad ni Malakas at ni Maganda na palayasin ang kanilang mga anak.</td></tr>
<tr><td></td><td>3. Nasindak at kumaripas sa iba’t ibang direksyon ang anak nina Malakas at Maganda.</td></tr>
</table>
</td>
<td>Kaya ko!<br>Mula sa napag-usapang mga puwedeng gawin para pangalagaan ang kalikasan, papiliin ang bawat bata ng isang gawain na kaya nilang subukin sa tahanan.<br><br>Kapag nasubukan na nila ito ay kailangan nilang iguhit at isulat sa LAS ang<br>kanilang ginawa.<br><br>Kaya ko!<br><br>____________________<br>____________________</td>
<td>Magbasa sa Tahanan<br>Ipauwi sa bata ang kopya ng ‘Ang Alamat ng Ulan’ upang makapag-ensayo sa pagbabasa sa tulong ng kapamilya.</td>
<td>Muling Isalaysay<br>Atasan ang mga bata na ikuwento sa kanilang mga kasama sa bahay ang ‘Ang Alamat ng Ulan’ base sa pagkaunawa at gamit ang sarili nilang mga<br>salita.</td>
</tr>
<tr><td>Mga Tala</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Repleksiyon</td><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>

Inihanda ni:

______________________

Guro

Nirebyu ni:

______________________

Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

______________________

School Head